

# TAMANG SAGOT

PhilHealth Circular No. 2018-0008

## Implementation of Point of Service (POS) Program

---

### 1. Ano ang Point of Service?

Ang Point of Service o POS ay programa ng pamahalaan na naglalayong mabigyan ng proteksyong pinansyal ang lahat ng Filipino laban sa magastos na pagkakasakit, lalo na ang mga mahihirap o walang kakayahang makapagbayad ng kontribusyon sa PhilHealth.

Ito ay pinaglaanan ng pondo ng pamahalaan sa ilalim ng General Appropriations Act ng 2018. Ang pondong ito ay naglalayong matiyak na ang bawat Filipino na na-oospital at kinakailangang magpagamot ay agad na mabigyan ng benepisyo ng PhilHealth, maging siya ay hindi miyembro o miyembro na walang kaukulang kontribusyon.

### 2. Sino ang maaaring makinabang sa programang Point of Service?

Maaaring makinabang ang isang pasyente kung siya ay:

- a. Filipino;
- b. Hindi rehistrado sa PhilHealth
- c. Rehistrado sa PhilHealth ngunit walang kaukulang kontribusyon o walang kakayahang magbayad ng kontribusyon;
- d. Nabakunahan ng Dengvaxia sa ilalim ng DOH School/Community-Based Immunization (SBI) Program;
- e. Biktima ng kalamidad ayon sa itinatakda ng PhilHealth Circulars 34 s. 2013 at 06 s. 2014.

### 3. Ano ang magiging pakinabang ng mga makapapasok sa programa ng POS?

Ang kwalipikadong pasyente na narehistro sa POS ay makaka-avail agad ng sumusunod na PhilHealth benefits:

- a. In-patient/Out-patient All Case Rates;
- b. Z Benefits;
- c. No Balance Billing o walang dagdag bayad sa mga pampublikong pagamutan

### 4. Saan lamang maaaring ma-avail ang POS?

Ang programang Point of Service ay maa-avail sa mga pampublikong pagamutan sa buong Pilipinas.

### 5. Ano ang mga hakbang para ma-avail ang POS?

- Pumunta sa Admission Section ng ospital;
- Makipag-ugnayan sa hospital upang malaman ang estado ng pagiging miyembro sa PhilHealth sa pamamagitan ng Health Care Institution Portal (My PhilHealth Portal).

- Kung hindi pa miyembro ng PhilHealth, makipag-ugnayan sa Medical Social Welfare Officer (MSWO) o Social Welfare Development Officer (SWDO) na itinalaga ng pagamutan upang ma-assess at malaman kung kwaipikado sa POS;
- Kung mapatunayang kwalipikado, punan nang wasto at kumpleto ang PhilHealth Member Registration Form (PMRF) at isumite sa MSWO o SWDO. Walang babayaranang registration fee.
- Kung mayroon namang kakayahang magbayad ng kontribusyon ang pasyente, bibigyan siya ng Statement of Premium Account (SPA) para bayaran ang premium na Php2,400 na kinakailangang bayaran sa PhilHealth o sa pinakamalapit na PhilHealth Accredited Collecting Agent.
- Ang PhilHealth Identification Number ng pasyente bilang bagong miyembro ng PhilHealth ay ipapadala sa pagamutan upang mailagay sa claim form at POS registration slip.

#### **6. May karagdagang requirements ba sa POS ang mga pasyenteng nabakunahan ng Dengvaxia?**

Kung ang pasyente ay nabakunahan ng Dengvaxia sa ilalim ng DOH School/Community-Based Immunization Program at Pribado o Non-government Health Care Institutions/Health Care Professionals (HCIs/HCPs), kinakailangang maglakip ng PMRF at Certificate of Vaccination o anumang katibayan ng pagpapabakuna.

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa [www.philhealth.gov.ph](http://www.philhealth.gov.ph) o tumawag sa PhilHealth Action Center 441-7442.